



Sofibats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

ANG MAAARI AY MAAARI AT
ANG BAWAL AY BAWAL

Esselamu Aleyküüm ve Rahmetullah

Eûzübillâhimine's-seytâni'r-racim Bismillâhirrahmânirrahim.

Vesselatu Vesselamu ala Resuluna Muhammedin Seyyidel evvelin vel ahirin.

Medet Ya Resulullah, Medet ya Sadat-ı Ashab-ı Resulullah, Medet ya Meşayihina, Şeyh Abdullah

Dağstani, Şeyh Muhammed Nazım el Hakkani, destur.

Tarikatun es sobbe vel hayru fi cemiyya.

Isang turo ng Propeta Muhammad alayhis salatu was salam na dapat lagi tayong may takot sa Allah. Wag kalimutan ang Allah. Ikaw ay kaniyang nakikita. Di makakatago at alam niya ang iyong ginagawa. Ito ang Iman na sinasabi ng propeta Muhammad alayhis salatu was salam.

Ang Iman pananalig sa Allah (JJ). Walang lugar na di nakikita ng Allah. Pag ang tao ay may Iman, ito ay di nawawala sa kanilang isipan at kanilang tinitignan ang kanilang gawain. Pinakita ng Allah ang maaari at Bawal. Magkaiba ang pagtrato sa isang halal bilang daan ng paglalayo sa mundo at pagtingin dito bilang haram.

Sinasabi ng Allah (JJ) na wag tawagin ang mga bagay na ginawa niyang Halal bilang Haram. Pag hindi haram ay pwede siyang gawin. May mga bagay na maari mong gawin, kainin at inumin. Pag ito ay ginawa mo para sa Allah, ito ay magiging parang ibadah.

Ito ang kaso sa kung anoman. Iyong maaaring sabihin na ang isang bagay ay maaaring pwede pero hindi pala. Binigyan ng Allah ng pagkaHalal ang mga bagay na maaring gawin. Wag kang gumawa ng fatwa tungkol sa mga bagay na haram at wag mong problemahin. Ang haram ay malayo sa halal. Matakot ka sa Allah at sa pag gawa ng bawal. Wag kang magkaroon ng di pagkasigurado pag iyong nagawa ay halal naman.

Sinasabi ng Allah Azza wa Jal ang lahat sa pamamagitan ng Propeta Muhammmad Alayhis Salatu Was Salam. Ang lahat ng mangyayari ay mangyayari hanggang sa pinakamaliit nito detalye. Katunayan na di kayang magawa ng tao lahat, kailangan maging isang Scholar, Tapos na ang mga kailangang mangyari. Ang Shaytan ang pasimuno ng mga kadumihan sa pag-iisip. Nakikita ito sa mga taong nagsasabi na ang Halal ay Haram at ang Haram ay Halal. Protektahan nawa tayo ng Allah at gawing madali ang lahat para sa atin.

1. Halal
2. Haram
3. Zuhd
4. Religious judgment
5. Waswasa

Al-Fatiha.

Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil
 12 February 2016/3 Jumada al-Awwal 1437
 Sabah Namaz, Akbaba Dargah